7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 3

Aralin 2

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kuwarter 3: Aralin 3 (Linggo 3)**
**TP 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Joan F. Alim (Saint Louis University)

**Tagasuri:**
- Voltaire M.Villanueva, Ph.D. (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nasyonalismo at pagkabansa sa konteksto ng kolonyalismo sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng pagtatanghal na nagpapahalaga sa nasyonalismo at pagkabansa ng Pilipinas at Timog-Silangang Asya sa konteksto ng kolonyalismo. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan:**<br>1. Natatalakay ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa konteksto ng daigdig at Pilipinas<br>2. Natutukoy ang mga hamon sa pagkabansa ng Pilipinas matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.<br>3. Nakapagbubuod ng mga hamon sa pagkabansa ng Pilipinas matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. |
| **D. Nilalaman** | 1. Mga Hamon sa pagkabansa ng Pilipinas matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig<br>2. Hamong politikal (demokrasyang elit, neokolonyalismo, diktadura, malawakang katiwalian) |
| **E. Integrasyon** | • Napapanahong isyu sa aspektong hamon sa pagkabansa ng Pilipinas<br>• Kasalukuyang pangyayari na may kaugnayan sa hamon sa pagkabansa ng Pilipinas |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**

Abulencia, A. S., Lodronio, R. G., Antonio, E.D., Imperial, C. M., & Soriano, C. D. (2020). Pamahalaan, programang pangkababaihan, at edukasyon sa South at Western Asia. In Kayamanan: Araling Asyano (pp. 290-292). Quezon City, Philippines: Rex Printing Company, Inc.

Alagad ng Kasaysayan. (2021). Ang neokolonyalismo, mga pagbabagong pang ekonomiya at antas ng pag unlad sa timog at kanlurang Asya. https://www.youtube.com/watch?v=DP1T2YaWk1k&t=27s.

Altermidya (2023). Pinoy weekly's Issue on 2024 Budget. Twitter. https://twitter.com/altermidya/status/1712406221322686917

Andal, R. (2019, September 6). *'Palay Ng magsasaka bilhin n'yo'*.

Philstar.com. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2019/09/06/1949557/palay-ng-magsasaka-bilhin-nyo
Blando, Rosemarie C. et.al. (2014). Araling Panlipunan: ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba. 1st ed. Pasig City.
Bustamante,Eliza D.(2016).Sulyap Sa Kasaysayan ng Asya.Muling Nilimbag.St Bernadette Publishing House Corporation. Quezon City.
*Diktadura*. (n.d.). Wikiwand. https://www.wikiwand.com/tl/Diktadura
*Industriya*. (2012, February 29). Share & Discover Presentations SlideShare. https://www.slideshare.net/DanPauloAmado/industriya
Ki. (2020, November 18). Ano Ang Demokrasya? – Kahulugan at Halimbawa Nito. PhilNews. https://philnews.ph/2020/11/18/ano-ang-demokrasya-kahulugan-at-halimbawa- nito/
Ki. (2020, November 24). *Ano Ang Neokolonyalismo? Kahulugan at Halimbawa Nito*. PhilNews. https://philnews.ph/2020/11/24/ano-ang-neokolonyalismo-kahulugan-at-halimbawa-nito/
Mga Hamon Sa Pagkabansa Ng Pilipinas matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig – Yahoo image search results. (n.d.). Yahoo Image Search. https://ph.images.search.yahoo.com/search/images.
Nicerio, N. A. E. (2021). Araling Asyano: Kamalayang Panlipunan. Abiva Publishing House Inc. Araneta Avenue, Quezon City.
Pang, L., Scheler, M., Buhay, A., Inihanda, P, M. K., Scheler, P. K., Hulma, N., & Sto, A. K. (n.d.). *Lipunang pang-ekonomiya*. SlidePlayer – Upload and Share your PowerPoint presentations. https://slideplayer.com/slide/15824675/. https://slideplayer.com/slide/15824675/.
Pilipino Tayo ay Iisa (2018). Mayaman at Mahirap, Tayo ay Iisa!. https://pilipinotayoayiisa.blogspot.com/
Ser Ian's Class (2023). WORLD WAR 2 | Paano nagsimula, mga kaganapan at naging epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig?. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=zl7CXTExMR4.
Sir Bob. (2020). Pagbangon at Hamon Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=hrpj8bS8kes
Villanueva, Voltaire M. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.
Larawang Background Ng Nayon Na May Vector Ng Ilog. https://ph.pikbest.com/png-images/illustration-village-background-with-river-vector_9092245.html

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr>
<td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman<br><br>(Mind & Mood)</td>
<td>Unang Araw<br><br>1.Maikling Balik-aral:<br><br>Ipanood ang video tungkol sa digmaan at gawin ang sumusunod.<br><br><br><br><br>https://www.youtube.com/watch?v=zl7CXTExMR4&t=87s<br><br>DUNONG-SULONG: (#Positibo at Negatibo) Isulat sa mga kahon ang mga positibo at negatibong epekto ng digmaan.Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong.<br><br> </td>
<td>Ang bahaging ito ay elaborasyon ng pagtuturo sa implementasyon ng iba't ibang bahagi ng aralin.<br><br>Ang mga tala ay magiging gabay sa mga guro sa paraan ng presentasyon ng aralin at gawain, mungkahing teksto o lunsaran, kagamitan, at sanggunian, maging ang bahagi sa proseso ng integrasyon. Ang bahagi ring ito ay modipikasyon ng iba't ibang alternatibo para sa pagpapaunlad at pagpapayaman sa aralin. Ang bahaging ito ang magiging daan sa pleksibilidad sa pamamahala ng oras kaugnay ng progreso at pag-angat ng kakayahan ng mga mag-aaral. Maaaring gumamit ng larawan tungkol sa digmaan kung sakaling hindi kayang ma-download ang bidyo.</td>
</tr>
</table>

1. Anong kahon ang maraming naisulat na epekto?
2. Bakit marami ang epekto na ito?
3. Anong kahon ang kaunti ang naisulat na epekto?
4. Bakit kaunti ang epektong ito?
5. Batay sa mga epekto, ano ang iyong opinyon ukol sa digmaan?

**KUWADRO- UNO-DOS: (#Talaan ng impormasyon)** Basahin ang talata tungkol sa mga mahahalagang pangyayari ng Ikalawang Digmaan Pangdaigdig tungkol sa konteksto ng daigdig at Pilipinas. Pagkatapos ay isulat sa kahon ang mga hinihinging impormasyon ukol dito.

Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay isang malupit at malawakang digmaang nangyari mula 1939 hanggang 1945. Ang digmaang ito ay ang ugat mula sa maraming pangunahing sanhi tulad ng pangangailangang pang-ekonomiya, ideolohikal na pagtutunggali, at ambisyon sa mga teritoryo.

Sa konteksto ng daigdig, nagsimula ang digmaan noong Setyembre ng 1939, nang sakupin ng Nazi Germany ang Poland. Ito ang naging dahilan para magtagumpay ang Great Britain at Pransya sa kanilang deklarasyon ng digmaan laban sa Germany.

Sa paglipas ng panahon, nadagdagan ang bilang ng mga bansa na nakilahok sa digmaan, pati na ang pag-usbong ng Axis Powers na binuo ng Germany at Italy. Ang digmaan na ito ay nagdulot ng malalim na epekto sa Pilipinas. Noong Disyembre ng 1941, nagsimula ang pananalakay ng Japan sa Pilipinas pagkatapos ng kanilang pagsalakay sa Pearl Harbor sa Hawaii. Noong Mayo 1942, matapos ang matagalang laban, napilitang sumuko ang mga Pilipino at Amerikano sa mga Hapones. Sa panahon ng kanilang pananakop, maraming mga Pilipino ang dumanas ng pagdurusa at pang-aabuso.

Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay natapos noong Setyembre 1945, matapos ang pagpapahayag ng pagtatangka sa buhay ni Emperor Hirohito ng Japan at ang pagpirma ng kanilang pagsuko. Ang digmaan ay nag-iwan ng maraming pinsala sa buong mundo kabilang ang Pilipinas, ngunit nag-udyok din ng pagbabago sa iba't ibang aspekto.

| Pangyayari | Ikalawang Digmaan |
|---|---|
| Ano-anong bansa ang direktang sangkot dito? | |
| Ano-anong bansa sa Timog- Silangang Asya ang nadamay? | |
| Saan naganap ang pangyayari? | |
| Bakit naganap ang pangyayari | |
| Paano nakapag-ambag ng nasyonalismo sa Timog -Silangang Asya? | |
| Paano nagwakas ang pangyayari? | |

**B. Paglalahad ng Layunin**

***(Aims)***

Bilang lunsaran sa panibagong pagkatuto, gawin ang hinihingi.

**SALAMIN NG KATOTOHANAN:(#Magpakatoto ka)**

Lagyan ng ☺ ang bilang na naglalahad ng mga sitwasyon na nagpapahiwatig ng pagkabansa.

| | |
|---|---|
| | 1.Pagdalo sa mga pambansang pagtitipon na may kinalaman sa pagdiriwang ng Araw ng Kalayaan o iba pang mahahalagang okasyon ng bansa. |
| | 2.Pagbili at pagsuporta sa mga produkto mula sa ibang bansa. |
| | 3.Paggamit at pagtaguyod ng Filipino at iba pang wika sa Pilipinas. |
| | 4.Aktibong pagsuporta sa wikang Pambansa at pagpapahalaga sa sariling kultura at identidad. |
| | 5.Ang pagsasawalang-bahala sa karapatan sa pagboto. |
| | 6.Pagsuporta sa mga adhikain na naglalayong mapabuti ang kalagayan ng bansa tulad ng pangangalaga ng kalikasan, pagsulong sa edukasyon, at paglaban sa katiwalian. |
| | 7.Ang pag-aaral at pagbibigay ng halaga sa mga pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas, kasama na ang mga tagumpay at pakikipaglaban para sa kalayaan. |

Mga kasagutan

1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☺
5. ☺
6. ☺
7. ☺
8. ☺
9. ☺
10. ☺

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td></td><td>8.Pagtangkilik sa mga pambansang isports at pagsuporta sa mga atletang nagdadala ng karangalan sa bansa sa pandaidigang palakasan.</td></tr>
<tr><td></td><td>9.Pagpapakita ng respeto at dignidad sa mga pambansang simbolo tulad ng watawat at awit ng bansa.</td></tr>
<tr><td></td><td>10.Ang pagtulong at pagbibigay ng suporta sa kapuwa Pilipino sa panahon ng kalamidad tulad ng pagbibigay ng donasyon o volunteer work.</td></tr>
</table>
<br>
Mula sa naunang gawain, sagutin ang mga pamprosesong katanungan:<br>
1. Anong bilang ang hindi nalagyan ng ☺ at bakit?<br>
2. Paano mo ipapaliwanag ang pagiging makabansa?<br>
3. Ano-ano ang mga hamon sa pagkabansa ng Pilipinas matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim<br><br>(Tasks and Thought)</td>
<td>
Ikalawang Araw<br><br>
Kaugnay na Paksa 1: Mga Hamon sa Pagkabansa ng Pilipinas matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig<br><br>
1. Proseso ng Pang-unawa<br><br>
Kahon-lugan (#akrostik): Gamit ang unang letra sa loob ng kahon, isulat ang mga salita na may kaugnayan sa konsepto.<br><br>
P ______________________________<br>
A ______________________________<br>
G ______________________________<br>
K ______________________________<br>
A ______________________________<br>
B ______________________________<br>
A ______________________________<br>
N ______________________________<br>
S ______________________________<br>
A ______________________________
</td>
<td>Tanggapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral, subalit dapat ito ay naayon sa paksang naibigay.</td>
</tr>
</table>

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagkaroon ng maraming pagbabago sa Pilipinas sa larangan ng politika, ekonomiya, at lipunan.

| Mga Hamon | |
|---|---|
| Pang-ekonomiya | **Rekonstruksiyon:** Kailangang pagtuunan ang pagsaaayos at pagbangon mula sa pinsalang dulot ng digmaan. Ito ay isinagawa sa ilalim ng Philippine Rehabilitaion Act ng 1946. |
| Pampolitika | **Kasarinlan:** Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ipinagkaloob ang kasarinlan ng Pilipinas mula sa Estados Unidos noong Hulyo 4,1946. Itinatag dito ang Ikatlong Republika at naging pangulo Si Manuel Roxas. |
| Lipunan | **Pagsasaayos ng Lipunan:** Ang pag-usbong ng mga bagong pamahalaan ay kaakibat ng pagbabago sa lipunan. Inilunsad ang mga proyektong naglalayong mapaunlad ang edukasyon, kalusugan, at iba pang serbisyong panlipunan. |

**2.Pinatnubayang Pagsasanay**

**MAKULAY NA KAALAMAM (#berde, dilaw, at bughaw).** Isulat ang bilang ng pangungusap sa loob ng berdeng bahagi ng *pie chart* kung ang hamon sa pagkabansa ay sa aspektong pam-politika, sa dilaw naman na bahagi kung aspektong pang-ekonomiya, at sa bughaw na bahagi kung sa aspektong panlipunan.



1. Ang sistema ng edukasyon ay dumaan sa pagbabago upang matugunan ang pangangailangan ng modernisasyon.

Gamiting gabay ang mga kasagutan:

Dilaw- bilang 4

Berde-bilang 2,5

Bughaw-bilang 1,3

2. Ang Pilipinas ay naghanap ng kaalyansa sa pandaigdigang komunidad.
3. Ang pagtuklas at pagpapahalaga sa sariling kultura at identidad ng Pilipino ay nagbigay-daan sa pag-usbong ng nasyonalismo.
4. Ang Pilipinas ay humarap sa mga hamon sa larangan ng kahirapan at pangangailangan ng likas na yaman.
5. Ang pagtangkilik sa pambansang seguridad at kapayapaan ay nagkaroon ng pangangailangan na mapanatili ang kaayusan at proteksiyon sa mamamayan.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**PICK-TOK: (#Pili-wanag)** Pumili ng isang aspekto kung saan naapektuhan ang pagkabansa ng Pilipinas at ipaliwanag ang kahihinatnan nito. Lagyan ng tsek ang napiling aspekto.

| **Mga Aspekto:** | Maaaring kahihinatnan... |
|---|---|
| ☐ Politika<br>☐ Ekonomiya<br>☐ Lipunan | ________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ |

**Ikatlong araw**
**Kaugnay na Paksa 2: Mga Hamong Politikal**

**1.Proseso ng Pang-unawa**
**HULA-SALITA:(#Hula mo)** Tukuyin ang salitang inilalarawan. Gawing gabay ang titik na naibigay.

Para sa Paglalapat at Pag-uugnay Tanggapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral at iproseso ito.

**SUSING SAGOT:**

1.Demokrasya


1.Anong **D** ang sistema ng pamamahala kung saan ang mga taong bayan ay may kapangyarihang ilagay sa puwesto ang taong gusto nilang mamumuno. Ito ay nanggaling sa Griyegong “*demos*” na ang kahulugan ay “tao” at “*kratos*” naman na “kapangyarihan”.

2. Anong **N** ang makabagong paraan ng pananakop sa isang mapayapang pamamaraan. Kadalasan, hindi mo na mamamalayan na ang isang lugar ay nasakop na dahil walang dalang puwersa at dahas sa pananakop.

3. Anong **D** ang kadalasang nangangahulugan bilang isang otokratikong anyo ng pamahalaan na pinamumunuan ng isang indibiduwal?

4.Anong **K** ang tumutukoy sa isang pamamaraan ng hindi makatarungang na gawain lalo na sa pamamahala, negosyo, o anomang organisasyon?

**2.Pinatnubayang Pasasanay**
**SSS (#Suliranin, Solusyon, at Suhestiyon)**: Suriin ang mga impormasyon sa mga hamong politikal at bumuo ng talahanayan ng suliranin at solusyon. Ang nabuong talahanayan ang pagbabatayan sa pagbuo ng suhestiyon na tutugon sa ibinigay na impormasyon sa talahanayan.




| | Suliranin | Solusyon | Suhestiyon |
|---|---|---|---|
| *Demokrasyang elit* | ____________<br>____________<br>____________ | ____________<br>____________<br>____________ | ____________<br>____________<br>____________ |

2.Neokolonyalismo

3.Diktadura

4.Katiwalian

Para sa pinatnubayang pagsasanay, maaaring magkakaiba ang mga kasagutan ng mga mag-aaral. Kuhanin ang mga kasagutan na magkakatulad ang mga mag-aaral at gawing gabay sa talakayan.

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Neokolonyalismo* | ___________<br>___________<br>___________ | ___________<br>___________<br>___________ | ___________<br>___________<br>___________ |
| *Diktadura* | ___________<br>___________<br>___________ | ___________<br>___________<br>___________ | ___________<br>___________<br>___________ |
| *Malawakang katiwalian* | ___________<br>___________<br>___________ | ___________<br>___________<br>___________ | ___________<br>___________<br>___________ |

Sa kabouan,ang pag-unawa sa mga aspekto ng demokrasyang elit, neokolonyalismo, diktadura, at malawakang katiwalian ay mahalaga upang mapalawak ang kamalayan ng mga mamamayan.

**3.Paglalapat at Pag-uugnay**


**Palit-Tanong: (#Tambal-dunong)**
Pabuoin ang mag-aaral ng tanong mula sa larawan sa paraang pasalita. Ipawasto ito sa kapares o katabing kamag-aral. Ang bawat mag-aaral ay kinakailangang makabuo ng tanong sa iba't ibang anyo. Pagkatapos makabuo ng katanungan, ipasagot ito sa kamag-aral na nasa harap o likuran.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

Ang larawan ay mula sa https://adarna.com.ph/products/ito-ang-diktadura-non-fiction</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat<br>(Abstractions)</td>
<td>Ikaapat na araw<br>Magtaya at magpahalaga<br>Lagyan ng tsek (✓) ang hanay na naglalarawan ng iyong kahusayan sa pagpapatupad sa gawain sa aralin.
<table>
<tr><th>Gaano kahusay sa pagtupad sa mga gawaing ito?</th><th>Hindi Mahusay</th><th>Mahusay</th><th>Lubhang Mahusay</th></tr>
<tr><td>1.Naisa-isa ang mga hamon sa pagkabansa.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2.Naipaliliwanag ang kasaysayan at implikasyon ng mga hamon sa pagkabansa sa ating</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table></td>
<td>Ito ay maaaring gawin pagkatapos matalakay ang paksa. Maaaring ibigay na takdang -aralin at babalikan sa susunod na pagkikita.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>buhay at kaunlaran ng bansa.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3.Natataya ang naging aksiyon at program ng pamahalaan bilang pagtugon sa mga hamon ng pagkabansa ng Pilipinas.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>E. Pagtataya<br>(Tools for Assessment)</td>
<td>Pagsusulit<br>Maramihang Pagpili: Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at isulat ang titik ng tamang sagot.<br>___1.Isang teorya na nagpapalagay na ang pamahalaan, tulad ng demokrasya ay pinamumunuan ng ilang mayayaman at hindi ng nakakarami.<br>A.Kroniyismo B.Demokrasyang elit C.Diktadura D.Neokolonyalismo<br>___2.Bagong uri ng kolonyalismo na inilalarawan ng hindi lantarang pananakop ng isang makapangyarihang bansa upang mapanatili at mapalawak ang impluwensiya nito sa maliliit at mahihinang bansa.<br>A.Neokolonyalismo B. Imperyalismo C.Sosyalismo D.Pasismo<br>____3.Uri ng pampulitikang ideolohiya na kung saan ang mga mamamayan ay sunud-sunuran sa namumuno.<br>A.Komunismo B. Pasismo C. Awtoritaryanismo D. Sosyalismo<br>____4. Ang mga sumusunod ay mga gawain sa pang-aabuso ng kapangyarihan maliban sa…<br>A.katiwalian B.pandaraya C.lagay D.pagpapautang<br>____5. Ang kadalasang nangangahulugan bilang isang otokratikong anyo ng pamahalaan na pinamumunuan ng isang indibiduwal.<br>A. Diktadura B. Oligarkiya C.Patriarkal D.Sosolohiya<br>II. Sagutan ang mga katanungan batay sa hinihinging mga kasagutan<br>1.Sa iyong palagay, ano ang puno at at dulo ng mga hamong pampolitika sa ating bansa?<br>______________________________<br>______________________________<br>2.Paano mo mailalarawan ang kalagayan ng politika sa ating bansa?<br>______________________________<br>______________________________</td>
<td>Maaaring magbigay ng maikling pagbabalik aral sa natalakay na paksa bago gawin ang maikling pagsusulit. Maari ring dagdagan at bawasan ang nilalaman ng pagsususlit batay sa Pagpapalalim sa paksa.<br>Mga kasagutan<br>I<br>1.B<br>2.A<br>3.C<br>4.D<br>5.A<br>II. Magkakaibang kasagutan</td>
</tr>
</table>

| **F. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi:** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
|---|---|---|---|---|
| | *Estratehiya* | | | |
| | *Kagamitan* | | | |
| | *Pakikilahok ng mga Mag-aaral* | | | |
| | *At iba pa* | | | |

<table>
<tr>
<td>G. Pagninilay</td>
<td>Gabay sa Pagninilay:<br><br>Itala ang mga naging balakid sa pagtuturo ng paksa , mga naging kagalingan at namasdang epekto.<br><br><br></td>
<td></td>
</tr>
</table>